







MGA ANTAS NG TINGGA SA DUGO

Ano Ang Ibig Sabihin ng mga Ito?

Ang pagsusuri ng tingga sa dugo ay nagbibigay ng ideya tungkol sa kung gaano karaming tingga ang kinalantaran ng inyong anak sa kapaligiran. Ang mga batang may tingga sa kanilang dugo ay hindi magmumukha o kikilos na may sakit, ngunit ang mga problema sa pag-aaral at pag-asal ay maaring lumabas pagkatapos ng ilang mga taon kapag sila ay pumapasok na sa paaralan.

Resulta ng Pagsusuri ng Tingga sa Dugo sa mikrogram bawat deciliter (mcg/dL)	Ano ang Ibig Sabihin Nito?	Kailan Dapat Muling Kumuha ng Pagsusuri ng Dugo?	Ano and Maari Ninyong Magawa?
0-4 	Walang halaga ng tingga sa katawan ang normal o ligtas, subalit maraming mga bata sa California ang mayroong antas ng tingga sa dugo na nasa ganitong taas	Suriing muli kung ang panganib sa pagkalantad sa tingga ng inyong anak ay magbago. Halimbawa: Kung kayo ay lumipat sa mas lumang bahay na may tapyas o natutuklap na pintura	<input type="checkbox"/> Maghanap ng mga panganib sa tingga sa paligid ng inyong tahanan <input type="checkbox"/> Tingnan ang aming website para sa impormasyon tungkol sa paghahanap at ligtas na pagkukumpuni ng mga panganib sa tingga sa inyong tahanan at upang malaman ang tungkol sa ibang mga mapagmumulan ng tingga www.aclppp.org
5-9 	Ebidensiya ng Pagkakanalantad: Ang inyong anak ay nalantad sa ilang halaga ng tingga sa kanilang kapaligiran	6 na mga buwan (Tawagan ang inyong doktor)	<input type="checkbox"/> Maghugas na madalas ng kamay, kumain ng mga pagkain na may maraming iron at calcium, gumamit ng isang basang espongha o lampaso upang linisin ang mga sahig at mga pasimano ng bintana
10-19 	Antas ng Alalahanin: Ang inyong anak ay nalantad sa katamtamang halaga ng tingga sa kanilang kapaligiran	3 mga buwan (Tawagan ang inyong doktor)	<input type="checkbox"/> Lahat ng nasa itaas, at... <input type="checkbox"/> Ang Programa para sa Tingga ay magbibigay ng impormasyon at maghahandog ng isang pagbibisita sa tahanan upang matulungan kayong maghanap ng mga panganib sa tingga sa paligid ng inyong tahanan
20-44 	Nalason ng Tingga: Ang inyong anak ay nalantad sa malaking halaga ng tingga sa kanilang kapaligiran	2-3 mga buwan (Tawagan ang inyong doktor)	<input type="checkbox"/> Lahat ng nasa itaas, at... <input type="checkbox"/> Ang isang Public Health Nurse ay gagawa ng isang pagbibisita sa tahanan upang magkaloob ng pag-aasikasong pangangalaga <input type="checkbox"/> Ang mga panganib sa tingga <i>ay dapat</i> na Makita at mabawasan. Ang Programa para sa Tingga ay susuri ng inyong tahanan para sa mga panganib sa tingga
45-69 	Nalason ng Tingga: Ang inyong anak ay nalantad sa napakalaking mga halaga tingga sa kanilang kapaligiran	Sa Lalong Madaling Panahon (Tawagan ang inyong doktor)	<input type="checkbox"/> Lahat ng nasa itaas, at... <input type="checkbox"/> Ang inyong anak ay <i>maaring</i> mangailangan ng dalubhasang medikal na panggagamot sa ospital. Tawagan ang inyong doktor ASAP para sa isang pangkumpirmang pagsusuri ng dugo at checkup ng pagkalason sa tingga
Mahigit sa 70 CALL YOUR DOCTOR TODAY! 	Medikal Emergency: Ang inyong anak ay nalantad sa napakadelikadong mataas na halaga ng tingga sa kanilang kapaligiran	Manghingi KAAGAD ng medikal na tulong	<input type="checkbox"/> Lahat ng nasa itaas, at... <input type="checkbox"/> Ang inyong anak ay nangangailangan na ng dalubhasang panggagamot sa ospital NGAYON!

Para sa karagdagang impormasyon, tawagan ang Programang Pampigil sa Pagkalason sa Tingga ng Alameda County (Alameda County Lead Poisoning Prevention Program)

510-567-8280 o bisitahin ang www.aclppp.org.